

National Autism Strategy

Help shape the change.

Australian Government

# Pambansang Istratehiya tungkol sa Autism 2025-2031 – Pangkalahatang Buod

## Pahayag ng Pananaw

Ang pananaw ng National Autism Strategy (Pambansang Istratehiya tungkol sa Autism) ay para sa isang ligtas at inklusibong lipunan kung saan ang lahat ng mga taong Autistic ay sinusuportahan at binibigyang-kapangyarihan upang umunlad sa lahat ng aspeto ng buhay, na nakaayon sa pandaigdigang mga karapatang pantao.

## Layunin

Ang layunin ng National Autism Strategy ay pahusayin ang kalidad ng buhay para sa lahat ng Autistic na tao sa paraang makabuluhan sa kanila.

## Mga Gumagabay na Prinsipyo

- In Partnership – Nothing About Us, Without Us
- Naa-access Batay sa Universal Design
- Pagpapasya sa Sarili at Sariling Pamamahala
- Mga Kalalabasang Nakaayon at may Pananagutan
- Pagtanggap at Pagiging Inklusibo
- Kaligtasan at mga Karapatan
- Neurodiversity - Pinapatibay, Iniaangkop sa bawat isa at Holistic

## Tulong at Suporta

Ang Autism Connect ay isang libreng pambansang helpline na nagbibigay ng independyente at dalubhasang impormasyon tungkol sa autism na iyong mapagkakatiwalaan sa pamamagitan ng telepono, email at webchat. Tumawag sa 1300 308 699 para makipag-usap sa isang Autism Connect Advisor o bumisita sa amaze.org.au/autismconnect/

# Mga Pangunahing Kalalabasan

## Inklusyong Panlipunan:



- Ang mga karapatan ng mga taong Autistic ay itinataguyod.
- Nabawasan ang pinsalang nararanasan ng mga taong Autistic.
- Nadagdagang kamalayan at pagtanggap sa autism sa pangkalahatang komunidad.
- Tumaas na inklusyon ng mga taong Autistic sa loob ng komunidad.
- Pinahusay na access sa mga epektibong suporta, serbisyo at impormasyon.

## Inklusyong Pangkabuhayan:

- Pinahusay na mga pagkakataon sa edukasyon at mga resulta para sa mga taong Autistic, at higit na kamalayan at pagtugon sa autism sa loob ng sektor ng edukasyon.
- Pinahusay na mga pagkakataon sa trabaho at mga resulta para sa mga taong Autistic, at higit na kamalayan at pagtugon sa autism ng mga tagapag-empleyo, lugar ng trabaho at sa mga serbisyo sa pagtatrabaho.

## Diyagnosis, Mga Serbisyo at Suporta:

- Pinahusay na kamalayan at access sa magalang na pagtasa at diyagnosis, kabilang ang maagang diyagnosis.
- Pinahusay na impormasyon at suporta upang masundan ang proseso ng pagtasa at diyagnosis.
- Nadagdagang pag-access sa napapanahon at patas na mga serbisyo at suportang nagpapatibay sa neurodiversity.

# Pagpapagana ng Mga Aksyon

## Pamamahala, Pananaliksik, at Katibayan, Pagsusuri, at Pag-uulat:

**Pamamahala:**
Ang istratehiya at mga aksyon ay gagabayan ng input mula sa mga taong Autistic, pamilya, tagapag-alaga, propesyonal, kinatawan ng gobyerno at mananaliksik.

**Patakarang Batay sa Pananaliksik:**
Gamitin ang umiiral na katibayan upang pagbatayan ng mga patakarang inklusibo ng mga taong Autistic at ng kanilang mga komunidad.

**Pagsubaybay at Pag-uulat:**
Subaybayan ang progreso ng pagpapatupad ng Istratehiya at pampublikong iulat ang epekto ng mga aksyon sa ilalim ng Istratehiya.

---

Ang mga kalalabasan at aksyon upang mapabuti ang kalusugan at pangkaisipang kalusugan ng mga taong Autistic ay binuo sa pamamagitan ng **Autism Health Roadmap** na pinamumunuan ng Department of Health and Aged Care (Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga ng Matatanda).